ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
RUN RESEARCHERS RUN
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

# Kasanayan sa Komprehensiyon sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Panitikang Rehiyunal sa Pagbuo ng Interkultural na Modyul

Elvis S. Falsario*[1], Divina T. Feliciano, PhD[2]
[1] Gayonga National High School-BARMM, [2]Sultan Kudarat State University
Corresponding Author email: *elvisfalsario011980@gmail.com*

**Received**: 13 March 2025 **Revised**: 15 April 2025 **Accepted**: 17 April 2025

**Available Online**: 18 April 2025

**Volume IV (2025), Issue 2, P-ISSN – 2984-7567; E-ISSN - 2945-3577**

**https://doi.org/10.63498/etcor280**

***Abstrak***
**Layunin:** Ang pag-aaral ay naglalayong malaman ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral, makabuo ng Interkultural na Modyul ng Panitikang Rehiyunal bilang kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo ng Filipino, malapatan ng balidasyon at malaman ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral at guro sa nabuong kagamitang pampagtuturo sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Gayonga sa taong panuruan 2024-2025.
**Metodolohiya:** Upang maisakatuparan ang layunin, ginamit ang *Stratified Sampling* sa paghahati ng populasyon sa *stratum* batay sa magkakatulad na katangian ng mga miyembro upang mabuo ang pinal na *sample.* Ang napiling mga mag-aaral ay nagmula sa etnolingguwistikong pangkat ng Cebuano Hiligaynon, Ilocano, Lumad at Maguindanaon na may kabuuang bilang na talumpung (30) respondente. Ginamitan ng disenyong *Research and Development (R and D)* na sangkot ang pagsusulit, balidasyon at pagtanggap sa kagamitang pampagtuturo. Inalam ang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral, antas ng balidasyon; pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa nabuong kagamitang pampagtuturo gamit ang *descriptive statistics*. Dagdag, ginamit din ang *t-Test: Two-Sample Assuming Equal Variances* upang ihambing ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa nabuong interkultural na modyul.
**Resulta:** Natuklasan na ang antas ng komprehensyon na may pinakamababang *mean* ay ang kritikal na sinundan ng Interpretatibo kasunod nito ay ang Literal samantalang nakakuha naman ng mataas na *mean* ang antas Integratib. Sa antas naman ng balidasyon, may paglalarawang Lubos na tinanggap. Dagdag pa, sa pagtanggap naman ng mga guro at mag-aaral ay may parehong paglalarawan na tinanggap o nakamit ang inaasahang pamantayan. Sa ibang banda, may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa Interkultural na modyul bilang kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo ng panitikang rehiyunal sa baitang 7.
**Konklusyon:** Samakatuwid, maaaring gamitin ang nabuong Interkultural na Modyul sa pagtuturo ng Filipino lalo na sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa Komprehensyon.
Sa kabuoan, sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral ay may malaking gampanin ang guro lalo na sa paghubog sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral na aangkla sa kahingian ng bagong kurikulum.

***Mga Susing Salita:*** *Kasanayan, Komprehensiyon, Panitikang Rehiyunal, Interkultural Modyul, Literal, Interpretatibo, Kritikal, Integratib, Kagamitang Pampagtuturo*

## INTRODUKSYON

Isa sa pinakasusi sa tagumpay ng isang bansa ang pagkakaroon ng matibay, dekalidad at konkretong programa patungkol sa edukasyon. Upang matamo ito, isang napakalaking hamon sa mga tagapagturo ng kasalukuyang panahon na hubugin ang kakayahan ng mga tagapakinig o mag-aaral sa gayon ay makakamit nila ang ika-21 siglong kasanayan na kailangan sa kanilang pag-unlad.

Sa pandaigdigang antas, ang edukasyon ay kinikilala bilang mahalagang pundasyon sa pag-unlad ng mga bansa. Ang edukasyon ay hindi lamang nakasentro sa pagbibigay ng kaalaman at kasanayan kundi nagtataguyod din ng kasarian, karapatang pantao, at inklusibong pag-unlad (UNESCO, 2019). Kaugnay nito, itinutulak ng maraming bansa ang reporma sa sistema ng kanilang edukasyon, kasama na ang kamalayan sa pagkakaroon ng interkultural na

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

materyales na ginagamit ng mga guro upang turuan ang mga mag-aaral patungkol sa kani-kanilang kultura at lipunan.

Ayon sa Kagawaran ng Edukasyon (2024), nilalayon ng Matatag Kurikulum sa Filipino 7 na linangin ang literasi, kakayahang komunikatibo, at mapanuring pag-unawa sa mga teksto. Dagdag pa, bibigyang-tuon ang mga paksang patungkol sa kultural na kamalayan, pagiging makabansa, at Makabayan. Kaugnay, ang mga kagamitang pampagtuturong gagamitin ay may lapat interkultural. Ang ganitong uri ng mga kagamitang pampagtuturo ay nakatutulong sa paghubog ng kakayahan ng mga estudyante sa Filipino kasabay ng pagtaguyod ng kanilang pagkakakilanlang pangkultura. Dagdag pa rito, ang mga materyal sa pagkatuto ay madalas na batay sa mga paksang banyaga at hindi angkla sa kahingian ng matatag kurikulum. Maraming pampublikong paaralan, lalo na sa mga rural na lugar, ang may kakulangan sa mga makabagong kagamitan at mga resorses na kailangan upang makagawa ng angkop na mga aralin para sa mga estudyante (Lim, 2021).

Sa lokal na konteksto, partikular sa Filipino 7, mahalaga ang pagkakaroon ng interkultural na modyul bilang kagamitang pampagtuturo upang maging mas epektibo ang pagkatuto ng mga estudyante. Sinaad ni Renono (2022) na ang interkultural na ugnayan ay patungkol sa pagsasama-sama ng mga tao sa isang lipunan na may magkakaibang paniniwala o kultura. Dagdag pa niya, isa itong paraan ng pagtuklas sa mga pagkakaiba at pagkakatulad ng mga pananaw, saloobin at kasanayan ng iba't ibang paniniwala. Ayon naman kina Loch at Pal (2020) malaking tulong ang pagkakaroon ng interkultural na modyul upang magkaroon ng kamalayan ang mga mag-aaral patungkol sa kultural na aspeto; malinang ang kanilang kakayahan gamit ang interkultural na konteksto na kung saan ang mga mag-aaral ay malayang makapagbahagi ng kanilang kaalaman sa kultural na pagkakaiba at pagkakatulad.

Gayumpaman, sa ngayon ay wala pang interkultural na modyul ang nabubuo na nakabatay sa bagong kurikulum; hindi pa sapat ang kaalaman ng mga guro upang gumawa ng balidong materyal na interkultural modyul na angkop at angkla sa ika-21 siglong mga mag-aaral; at kawalan ng suporta lalo na sa pagbuo at pagkakaroon ng mga pagsasanay na may kinalaman sa pagbuo ng interkultural na modyul.

Ang *methodological research gap* na lumalabas mula sa mga nailahad na suliranin ay ang kakulangan ng sistematikong pag-aaral sa epektibong paggawa at implementasyon ng interkultural na modyul bilang kagamitang pampagtuturo sa Filipino 7. Bagaman maraming pag-aaral ang tumatalakay sa kahalagahan ng modyul na nakabatay sa matatag kurikulum, hindi sapat ang impormasyon patungkol sa mga tiyak na hakbang at pamamaraan upang makagawa ng mga epektibong materyales na magiging kaakibat ng mga tagapagturo sa pagtuturo sa loob ng silid-aralan(Catbagan, 2021). Kailangan pa rin ng mas masinsinang pagsasanay at pagpapalaganap ng kaalaman ukol sa ganitong uri ng pagtuturo. Isa pang problemang kinakaharap ng mga tagapagturo ay ang limitadong akses ng mga paaralan sa teknolohiya; mga materyales at kawalan ng kaalaman patungkol sa kultural na aspeto sa mga lugar kung saan ay may mga estudyante na may iba't ibang paniniwala. Ang kakulangan ng sistematikong pag-aaral na ito ay nagdudulot ng limitadong gabay para sa mga tagapagturo sa pagbuo ng mga materyales na angkop sa kanilang klase.

Kaya naman, layunin ng pananaliksik na ito na bumuo, malapatan ng balidasyon at malaman ang antas ng pagtanggap ng mga tagapagturo at estudyante sa interkultural na modyul. Dagdag pa, magiging gabay ito ng mga tagapagturo upang hubugin ang kakayahan ng mga estudyante sa pagbasa lalo na sa komprehensiyon gamit ang mga panitikang rehiyunal; kinakailangan ang kagamitang pampagtuturong ito upang mas makilala pa ng bawat estudyante ang kultura at tradisyon sa gayo'y magkakaroon ng paggalang sa bawat isa. Nais din nitong tukuyin ang mga magiging hamon sa implementasyon nito at maglapat ng mga rekomendasyon upang mapahusay pa ang kalidad ng pagtuturo sa Filipino. Kung kaya't, kinakailangang makabuo ng ganitong uri ng materyales sa pagtuturo upang magamit ng mga tagapagturo at mga estudyante lalo na sa mga malalayong lugar na hindi pa kilala ang patungkol sa kultural na aspeto at higit sa lahat ay hindi pa abot ng makabagong kagamitang may lapat ng teknolohiya.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito ay upang makabubuo, malapatan ng balidasyon, at malaman ang antas ng pagtanggap ng mga guro at estudyante sa interkulural na modyul ng mga panitikang rehiyunal sa paghubog ng lebel ng komprehensiyon sa pagbasa.

Ang sumusunod ay ang mga tiyak na suliranin ng pag-aaral.

1. Ano ang antas sa komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa panitikang rehiyunal ayon sa:
   1.1: Literal;
   1.2**:** Interpretatibo;


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

1.3: Kritikal; at
1.4: Integratib?

2. Ano ang antas ng balidasyon ng interkultural na modyul ayon sa:
   2.1: Bisa sa Nilalaman;
   2.2: Wika/Gramatika at
   2.3: *Layout*/Anyo?
3. Ano ang antas ng pagtanggap ng guro sa nabuong interkultural na modyul ayon sa:
   3.1: Nilalaman;
   3.2: Kaugnayan;
   3.3: Hikayat sa Gagamit;
   3.4: Pagkakaayos; at
   3.5: Kahalagahan?
4. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong interkultural na modyul ayon sa:
   4.1: Nilalaman;
   4.2: Kaugnayan;
   4.3: Hikayat sa Gagamit;
   4.4: Pagkakaayos; at
   4.5: Kahalagahan?
5. May makabuluhan bang pagkakaiba ang antas ng pagtanggap ng guro at mag-aaral sa nabuong interkultural na modyul?

**Ipotesis ng Pag-aaral**

Batay sa mga suliranin ng pananaliksik na ito, nabuo ang ipotesis gamit ang 0.05 antas ng kabuluhan:

1. Walang makabuluhan bang pagkakaiba ang antas ng pagtanggap ng guro at mag-aaral sa nabuong intercultural na modyul.

**METODOLOHIYA**

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng disenyong *Research and Development (R and D).* Ayon sa *Organisation for Economic Co-operation and Development (2015),* ito ay isang sistematikong gawain upang mapataas ang kaalaman tungkol sa sangkatauhan, kultura at lipunan upang sa gayon ay makabuo ng bagong aplikasyon ng umiiral na kaalaman. Dagdag pa ni Trott (2017), tumutukoy ito sa paglikha ng bagong kaalaman na maaaring magresulta sa mga bagong produkto na isang mahalagang bahagi ng inobasyon. Inilarawan naman nina Kline at Rosenberg (1986), isang komplikadong proseso na nakatuon sa paglikha, pag-aangkop at pagpapabuti ng teknolohiya upang matugunan ang pangangailangang panlipunan.

Angkop ang ganitong uri sa pagbuo ng Interkultural na modyul ng panitikang rehiyunal upang tugunan ang pangangailangan ng Matatag *Curriculum.* Batay sa naging resulta ng pagsusulit na isinagawa sa mga estudyante ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Gayonga, binuo ang ang kagamitang pampagtuturong Interkultural na modyul.

**Populasyon at Sampling**

Ang pagnanaliksik na ito ay isinagawa sa Paaralang Pambansa ng Gayonga sa Katimugang Kabuntalan, Maguindanao Del Norte, BARMM. Dito isinagawa ang pag-aaral sapagkat batay sa datos mula *Learner Information System* ng naturang paaralan, makikita na ang mga estudyante sa Baitang 7 ay mula sa iba't ibang pangkat (Ilokano, Hiligaynon, Maguindanaon, Cebuano at Lumad). (DepEd,2024).

Dagdag pa rito may kakulangan sa kagamitang pampagtuturo lalo na ang interkultural na modyul ng Panitikang Rehiyunal na naaayon sa bagong kurikulum at kasalukuyang nagsasagawa ng mga seminar-worksyap ng mga piling guro upang bumuo ng mga materyal na gagamitin pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Ginamit sa pag-aaral ang *Stratified Sampling* na kung saan ang *sample* ay kinuha mula sa bawat *stratum* upang matiyak na ang bawat pangkat ay proposyonal na may kinatawan (Williams et al., 2020). Dagdag, ang *Stratified Sampling* na paghahati ng populasyon sa *stratum* batay sa magkakatulad na katangian ng mga miyembro upang mabuo ang pinal na *sample* (McLeod & Guy-Evans, 2023). Ang pananaiksik na ito ay kinabibilangan ng mga estudyante sa *Junior High School* ng Gayonga *National High School* , taong panuruan 2024-2025. Ang kabuoang


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

populasyon ay tatlumpu (30) mga estudyante mula sa baitang 7 na kinabibilangan ng mga mag-aaral na Ilokano, Hiligaynon, Maguindanaon, Cebuano at Lumad na pinili gamit ang *Stratified sampling.*

**Instrumento**

Ang pangunahing instrumento na ginamit sa pag-aaral ay ang pagsusulit na binubuo ng walumpong (80) aytem, ginamit din ang isang Talaan ng Ispesipikasyon (TOS) sa pagbuo ng mga aytem sa pagsusulit na nahahanay sa apat na kategorya: literal, Interpretatib, kritikal at integratib. Ang mga paksa ay makikita sa *Matatag Curriculum* ng Kagawaran ng Edukasyon.

Ang pagsusulit ay dumaan sa balidasyon ng anim (6) na mga guro na eksperto sa Filipino gamit ang *content validity index (CVI)* mula sa pamanatayan ni Yousaff (2019) na antas ng kaugnayan na may eskala mula 1 hanggang 4, kung saan 4 – Ang aytem ay lubos na may kaugnayan sa sinusukat na pamantayan, 3 – Ang aytem ay may kaugnayan sa sinusukat na pamantayan, 2 – Ang aytem ay may bahagyang kaugnayan sa sinusukat na pamantayan, at 1 – Ang aytem ay walang kaugnayan sa sinusukat na pamantayan. Ang resulta ay isinagawa gamit ang *S-CVI/Ave* kung saan ang *mean score* ng lahat ng pamanatayan ng *I-CVI* ay proporsyonal at sinuri ng mga balideytor batay sa antas ng kaugnayan. Dagdag, dumaan ito sa Anim (6) na balideytor kung kayat ang bilang ng pagtanggap ng *CVI value* ay hindi bababa sa 0.83 batay sa binanggit ni Yousoff (2019).

Ang resulta ng isinagawang *S-CVI Average* ng pagpapabalido ng Talatanungan ay 0.9879 kung saan mas mataas sa ibinigay na *CVI value* ng pagtanggap. Sa ibang banda, para naman sa pagpapatibay ng talatanungan para sa pagbabalido ng antas ng pagtanggap ng mga guro/mag-aaral sa interkultural na modyul ay may 0.94697 kung saan mas mataas sa ibinigay na *CVI value* ng pagtanggap.

Batay sa resultang binanggit, ang talatanungan sa pagsusulit at pamantayan sa antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa interkultural na modyul ay maaaring gamitin sa pangangalap ng datos ng mananaliksik.Dagdag, ang pinal na talatanungan ay inayos batay sa suhesyon at komento ng mga balideytor. Ito rin ay ipinakita para sa pinal na pagsisiyasat.

Matapos ang balidasyon ng mga ginawang pagsusulit ay dumaan ito sa pagsubok. Ipinasubok ito sa mga estudyante ng Baitang 8 sa taong panuruang 2024-2025 sa Gayonga *National High School* sa Katimugang Kabuntalan, Maguindanao Del Norte, BARMM.

Ang pagsusuri ng relayabiliti ng mga aytem ay ginawa sa pamamagitan ng pagkuha ng *Difficulty Value (D.V)* at *Discriminative Power. (D.P)*. Ang interpretasyon ng *Index at difficulty* ng *test* aytem ay ibinatay sa pamantayan mula sa tesis ni Sambolawan (2012).Upang matukoy ang kahusayan ng pagsusulit na ginawa, ginamit ng mananaliksik ang *Kuder-Richardson Formula 20*. Nakakuha ito ng 0.80 o Mahusay ang pagsusulit na ginawa, kaya ito ay angkop gamitin sa pananaliksik.

Dagdag pa, upang matukoy ang lebel ng komprehensiyon ng mga estudyante batay sa isinagawang pagsusulit na ayon sa Literal**,** Interpretatibo, Kritikal; at Integratib ay ginamit ang *Mastery/Achievement Level* ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at *National Education Testing and Research Center* (NTREC) na ginagamit sa taunang National Achievement Test (NAT).

Sa pagtataya at pagsusuri sa kabisaan ginamit ang mga pamantayan ng *Department of Education* – SOCCSKSARGEN *Region* (2024). Ang pamantayang ito ay ginagamit ng *DepEd* upang masukat ang antas ng pagtanggap ng mga eksperto sa pagkakabuo ng *Alternative Delivery Mode Module.* Ang pamantayang ito ay kaunting binago ng mananaliksik upang umangkla sa mga pamantayan. Kaya naman isinagawa ang *S-CVI Average* at ito ay may resultang 0.98485 kung saan mas mataas sa ibinigay na *CVI value* ng pagtanggap. Gayundin, ang pinal na talatanungan ay inayos batay sa suhestiyon at komento ng mga balideytor.

Dagdag, upang malaman ang antas ng balidití ng interkultural na modyul bilang kagamitang pampagtuturo ay ginamit ang tatlong (3) pamantayan ng *DepEd* – SOCCSKSARGEN *Region* (2024), ito ay ang baliditi ng bisa sa nilalaman, pangalawa, ang wika, at pangatlo, ay ang *layout/* anyo*.* Gayundin, ginamit din ang pamantayan mula sa tesis ni Aquino (2022).

Ipinataya ng mananaliksik ang kagamitang pampagtuturo na Interkultural na Modyul ng Panitikang Rehiyunal sa limang *(5) Regional/Division Learning Trainer/Evaluator* ng *Matatag Curriculum* ng Rehiyon 12; isang (1) superbisor sa Filipino ng Dibisyon ng Sultan Kudarat; dalawang (3) sa *Learning Resources Writers* ng Dibisyon ng Sultan Kudarat; at dalawang (1) *Division Learning Evaluator* ng mga Modyul sa Filipino na mula din sa Dibisyon ng Sultan Kudarat.

Dagdag pa, upang masukat ang antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa nabuong Interkultural na modyul ay ginamit ang pamantayang ni Garcia (2021). Tinaya ang pagtanggap tungkol sa nilalaman, kaugnayan,


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

hikayat sa gagamit, pagkakaayos, at kahalagahan. Ito ay kaunting binago upang umangkla sa panggagamitan kaya isinagawa ang *Content Validity* at may resulta itong 0.94697.

**Proseso sa Pangangalap ng Datos**

Sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito, ang unang hakbang na ginawa ng mananaliksik ay humingi ng permiso sa Dekana ng Paaralang Gradwado ng Sultan Kudarat State University kaugnay ng pagsasagawa ng pananaliksik. Matapos mabigyan ng permiso ng Dekana. Kasunod nito, humingi rin ang mananaliksik ng pahintulot sa Tagapamanihala ng Sangay ng Maguindanao Del Norte at punongguro ng Gayonga *National High School* upang gamitin ang mga mag-aaral sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Binigyan ng pagsusulit sa pamamagitan ng papel na pagsusulit ang mga mag-aaral. Ang naging resulta ng pagsusulit ay naging batayan sa pagbuo ng interkultural na modyul. Dagdag, ang ginawang modyul ay ibinatay din sa *Lesson Exempler* ng *Matatag Curriculum* na mandatos ng *DepEd.*

Pagkatapos mabuo ang Interkultural na Modyul ito ay dumaan sa balidasyon ng limang *(5) Regional/Division Learning Trainer/Evaluator* ng *Matatag Curriculum* ng Rehiyon 12; isang (1) superbisor sa Filipino ng Dibisyon ng Sultan Kudarat; dalawang (2) superbisor sa *Learning Resources Writers* ng Dibisyon ng Sultan Kudarat; at dalawang (2) *Division Learning Evaluator* ng mga Modyul sa Filipino na mula din sa Dibisyon ng Sultan Kudarat.

Lahat ng komento, suhesyon sa lahat ng pamantayan ay inilapat upang mas maging maganda ang kalalabasan ng kagamitang pampagtuturo. Ito rin ay ibinalik sa kanila para sa pinal na pagtataya. Gayundin, ang interkultural na modyul ay dumaan sa pagtanggap ng mga gurong nagtuturo ng Filipino at maging sa mga estudyante ng *Gayonga National High School*, Gayonga sa Katimugang Kabuntalan, Maguindanao Del Norte, BARMM.

Itinala ng mananaliksik ang mga iskor ng balidasyon ng mga eksperto, pagtanggap ng mga guro at mag-aaral upang mabigyan ng karampatang pagpapakahulugan ang mga ito. Sa ganitong paraan, nalaman ang antas ng balidasyon at pagtanggap sa nabuong Interkultural ng Modyul ng Panitikang Rehiyunal.

**Istatistikal Tritment**

Ang mga sumusunod ay tumutukoy sa istatistikal na kagamitan na kinailangan sa isinagawang pag-aaral. Para sa unang suliranin, ang *descriptive statistics* tulad ng *mean*, *frequency distribution*, at *percentage* ay ginamit upang masukat ang antas ng komprehensiyon sa pagbasa ng mga estudyante sa panitikang rehiyunal ayon sa Literal, Interpretatibo, Kritikal, at Integratib.

Sa ikalawang suliranin naman, ginamit ang *descriptive statistics, statandard deviation*, at *mean* upang malaman at masukat ang lebel ng balidasyon ng interkultural na modyul ayon sa Bisa sa Nilalaman, Wika/Gramatika, at Layout/Anyo.

Para sa ikatlong suliranin, ginamit naman ang *descriptive statistics* at *Likert Scale Analysis*, *standard deviation,* at *mean* upang masukat ang antas ng pagtanggap ng guro sa nabuong interkultural na modyul ayon sa Nilalaman, Kaugnayan, Hikayat sa Gagamit, Pagkakaayos, at Kahalagahan.

Sa ikaapat na suliranin ng pag-aaral na ito, ginamit ang *descriptive statistics* at *Likert Scale Analysis*, *standard deviation,* at *mean* upang masukat ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong interkultural na modyul ayon sa Nilalaman, Kaugnayan, Hikayat sa Gagamit, Pagkakaayos, at Kahalagahan

Para sa ikalimang suliranin, ang *t-Test: Two-Sample Assuming Equal Variances* ay ginamit upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng guro at mag-aaral sa nabuong interkultural na modyul.

**Etikal na Konsidirasyon**

Tiniyak at sinunod ng mananaliksik ang mga pamantayang etikal sa pagsasagawa ng pag-aaral ito upang bigyang proteksyon ang mga kasangkot na institusyon at mga kasangkot sa pananaliksik na ito. Dagdag, ang ano mang resulta ng pag-aaral na ito ay magiging batayan upang mas maiangat pa ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**RESULTA AT DISKUSYON**

Makikita sa Talahanayan 1 kung ano ang antas sa komprehensiyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa panitikang rehiyunal ayon sa: Literal; Interpretatibo; Kritikal; at Integratib.

**Antas ng Komprehensyon ng mga Mag-aaral**

Talahanayan 1
Antas ng Komprehensyon ng mga Mag-aaral

| Komprehensyon | Literal | | Interpretatibo | | Kritikal | | Integratib | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % | f | % | f | % |
| 96 – 100% | 2 | 6.67 | 1 | 3.33 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 |
| 86 – 95% | 2 | 6.67 | 4 | 13.33 | 2 | 6.67 | 7 | 23.33 |
| 66 – 85% | 20 | 66.67 | 14 | 46.67 | 12 | 40.00 | 17 | 56.67 |
| 35 – 65% | 6 | 20.00 | 11 | 36.67 | 15 | 50.00 | 6 | 20.00 |
| 15 – 34% | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 | 1 | 3.33 | 0 | 0.00 |
| 5 – 14% | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 |
| 0 – 4% | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 |
| Kabuoan | 30 | 100 | 30 | 100 | 30 | 100 | 30 | 100 |
| *Mean* | | **71.67** | | **68.00** | | **63.89** | | **72.75** |
| Paglalarawan | Patungong Ganap na Kadalubhasaan | | Patungong Ganap na Kadalubhasaan | | Katamtaman ang Kadalumbhasaan | | Patungong Ganap na Kadalubhasaan | |

| ***Mean Percentarge Score (MPS)*** | ***Mastery/ Achievement Level*** |
|---|---|
| *96-100%* | *Ganap na Kadalubhasaan* |
| *86-95%* | *Malapit sa Ganap na Kadalubhasaan* |
| *66-85%* | *Patungong Ganap na Kadalubhasaan* |
| *35-65%* | *Katamtaman ang Kadalumbhasaan* |
| *15-34%* | *Mababa sa Kadalubhasaan* |
| *5-14%* | *Napakababa ang Kadalubhasaan* |
| *0-4%* | *Ganap na Walang Kadalubhasaan* |

Ipinapakita ng talahanayan 1 ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral kung saan ang kabuoang *mean* ng antas literal ay 71.67 at may paglalarawang Patungong Ganap na Kadalubhasaan. 68.00 naman ang *mean* ng antas Interpretatibo at may paglalarawang Patungong Ganap na Kadalubhasaan din. Ang antas kritikal naman ay may *mean* na 68.89 at may paglalarawang Katamtaman ang Kadalumbhasaan. 72. 75 naman ang mean ng antas Integratib at may paglalarawang Patungong Ganap na Kadalubhasaan.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Batay sa resulta, makikita rito na ang antas ng komprehensyon na may pinakamababang *mean* ay ang kritikal na sinundan ng Interpretatibo kasunod nito ay ang Literal samantalang nakakuha naman ng mataas na *mean* ang antas Integratib. Dagdag pa, ito ang naging batayan sa pagbuo ng kagamitang materyal ng Interkultural modyul na gagamitin sa pagtuturo ng panitikang rehiyunal. Bukod pa roon, ipinapakita din ng resulta na kinakailangang bigyang-pansin at pag-ukulan ang antas ng komprehensyon ng mga estudyante lalo na sa mga bahaging may mga mababababang resulta.

Ayon kina Palma at Tubo (2020) na ang komprehensiyon ng mga estudyante sa mga piling akdang panitikan ay may kaugnayan sa kanilang akademikong perpormans sa Filipino. Ang pananaliksik na ito nagpakita na ang mga estudyanteng nagkaroon ng malalim na pag-unawa sa mga akda ay mas mataas ang grado sa Filipino. Dagdag pa, Balderian (2024), natukoy ang iba't ibang salik na nakaaapekto sa kakayahan ng mga estudyante sa komprehensiyon sa pagbasa sa Filipino.

Kung kaya't, napakahalaga na malaman ang antas ng mga estudyante lalo na sa komprehensyon sa pagbasa sa gayon ay magiging batayan ito ng mga guro upang mas lalo pang malinang ang ganitong aspeto ng mga mag-aaral.

**Antas ng balidasyon ng interkultural na modyul ayon sa: Bisa sa Nilalaman; Wika/Gramatika at Layout/Anyo**

Ang sumusunod na talahanayan ay patungkol sa antas ng balidasyon ng interkultural na modyul ayon sa: Bisa sa Nilalaman; Wika/Gramatika at *Layout*/Anyo.

Talahanayan 2
Antas ng balidasyon ng interkultural na modyul ayon sa: Bisa sa Nilalaman; Wika/Gramatika at Layout/Anyo

| Pamantayan | *Mean* | *sd* | Paglalarawan |
|---|---|---|---|
| A. Bisa sa Nilalaman | 4.04 | 0.07 | Lubos na Balido |
| B. Wika | 4.03 | 0.19 | Lubos na Balido |
| C. *Layout* o Anyo | 3.96 | 0.08 | Lubos na Balido |
| Kabuoan | **4.01** | **0.7** | **Lubos na Balido** |

| ***Rating Ranges*** | ***Paglalarawan*** | ***Interpretasyon*** |
|---|---|---|
| *4.50 - 5.0* | *Lubos na Lubos na Balido* | *Nakamit ang 91-100% na kalidad ng pamantayan* |
| *3.50 - 4.49* | *Lubos na Balido* | *Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan* |
| *2.50 - 3.49* | *Katamamang Balido* | *Nakamit ang 60-74% na kalidad ng pamantayan* |
| *1.50 - 2.49* | *Hindi gaanong Balido* | *Nakamit ang 35-39% na kalidad ng pamantayan* |
| *1.00 – 1.49* | *Hindi Balido* | *Nakamit ang 35-39% na kalidad ng pamantayan* |

Ipinapakita ng Talahanayan 2 mula sa pamantayan na Baliditi ng Bisa sa Nilalaman na may *Average Mean* na 4.04 at *Standard Deviation* na 0.07; may paglalarawan na Lubos na balido o Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan. Sa pamantayang Wika/ Gramatika ay may *Average Mean* na 4.03 *Standard Deviation* na 0.19; may paglalarawang Lubos na balido o Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan. Sa panghuling pamantayan naman ay may *Average Mean* na 3.96 at *Standard Deviation* na 0.08; may paglalarawang Lubos na balido o Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan. Sa kabuoan, ang pangkalahatang *mean* para sa Antas ng Balidi sa Nabuong Interkultural na Modyul ay 4.01 (sd=0.7) at may paglalarawang Lubos na tinanggap o Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan.

Batay sa naging resulta ng balidasyon ito ay nagpapakita lamang na ang Nabuong Interkultural na Modyul ay angkop na gamitin bilang kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo ng panitikang rehiyunal upang mahasa at mapataas ang antas ng komprehensyon ng mga estudyante ayon sa: Literal; Interpretatibo; Kritikal; at Integratib.

Sinuportahan naman ito ni Caspe (2024), ang paggamit ng interkultural na modyul ay nakatutulong sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pakikipag-ugnayan sa mga taong mula sa iba't ibang kultura. Ipinakita rin nina Ng at Bartlett (2021), ang interkultural na modyul ay isang epektibong kasangkapan sa pagtuturo ng mga konsepto at ideya na may kaugnayan sa kultura. Sa huli, ang interkultural na modyul ay nagiging daan upang


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Sa susunod na talahanayan ay makikita ang antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa Nabuong Interkultural na Modyul.

**Antas ng Pagtanggap ng mga Guro sa nabuong Interkultural na Modyul**

Sa susunod na talahanayan ay makikita ang antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa Nabuong Interkultural na Modyul.

Talahanayan 3
Antas ng Pagtanggap ng mga Guro sa nabuong Interkultural na Modyul

| Pamantayan | *Mean* | *sd* | Paglalarawan |
|---|---|---|---|
| A. Nilalaman | 3.78 | 0.00 | Tinanggap |
| B. Kaugnayan | 3.87 | 0.07 | Tinanggap |
| C. Hikayat | 3.82 | 0.04 | Tinanggap |
| D. Pagkakaayos | 3.74 | 0.13 | Tinanggap |
| E. Kahalagahan | 3.82 | 0.13 | Tinanggap |
| Kabuoan | **3.80** | **0.02** | **Tinanggap** |

| ***Rating Ranges*** | ***Paglalarawan*** | ***Interpretasyon*** |
|---|---|---|
| ***4.50-5.0*** | *Lubos na tinanggap* | *Nakamit ang 91-100% na kalidad ng pamantayan* |
| ***3.50-4.49*** | *Tinanggap* | *Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan* |
| ***2.50-3.49*** | *Katamamang Tinanggap* | *Nakamit ang 60-74% na kalidad ng pamantayan* |
| ***1.50-2.49*** | *Hindi gaanong Tinanggap* | *Nakamit ang 35-39% na kalidad ng pamantayan* |

Ipinakita sa Talahanayan 3 na mayroong 3.78 na *mean* at *sd* na 0.00 sa pamantayang Nilalaman. Para naman sa pamantayang Kaugnayan mayroong 3.87 na *mean* (*sd*=0.07). Sa pamantayang Hikayat ito ay mayroong mean na 3.82 at sd na 0.04. Sa pagkakaayos naman ay mayroong 3.74 na *mean* (*sd*= 0.13). Panghuli, para sa pamantayang kahalagahan ito ay may *mean* na 3.82 (sd=0.02). Sa kabuuan, ang mean ay 3.80 (*sd*=0.02) ay may paglalarawan na tinanggap at Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan.

Batay sa naging resulta, ito ay nagpapakita na tinanggap ng mga guro ang nabuong interkultural na modyul bilang materyal sa pagtuturo ng panitikang rehiyunal at angkop gamitin sa pagtuturo at pagkatuto ng mga estudyante lalo na sa pagpapataas sa antas ng komprehensyon ayon sa: Literal; Interpretatibo; Kritikal; at Integratib. Dagdag, angkop din ang materyales na ito upang mapataas at malinang ang kakayahan ng mga estudyante sa kasanayan sa pagbasa.

Sinupurtahan naman ito nina Charles at Charles (2019) na ang interkultural na modyul ay isang makabagong estratehiya sa pagtuturo na ang layunin ay pagyamanin ang kaalaman ng mga estudyante tungkol sa iba't ibang kultura. Dagdag pa, ayon kina Olifant et al. (2020) na ang paggamit ng interkultural na modyul ay nakatutulong sa paglinang ng kasanayan ng mga estudyante sa pakikipag-ugnayan sa mga taong mula sa iba't ibang kultura.

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Nabuong Interkultural na Modyul**

Makikita sa susunod na talahanayan ang resulta ng pagtanggap ng mga estudyante sa nabuong Interkultural na Modyul batay sa limang pamantayan na: Nilalaman; Kaugnayan; Hikayat; Pagkakaayos at Kahalagahan.

Talahanayan 4
Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Nabuong Interkultural na Modyul

| Pamantayan | *Mean* | *sd* | Paglalarawan |
|---|---|---|---|
| A. Nilalaman | 3.55 | 0.28 | Tinanggap |
| B. Kaugnayan | 3.57 | 0.22 | Tinanggap |
| C. Hikayat | 3.58 | 0.20 | Tinanggap |
| D. Pagkakaayos | 3.66 | 0.20 | Tinanggap |
| E. Kahalagahan | 3.68 | 0.18 | Tinanggap |
| **Kabuoan** | **3.61** | **0.17** | **Tinanggap** |

| ***Rating Ranges*** | ***Paglalarawan*** | ***Interpretasyon*** |
|---|---|---|
| ***4.50-5.0*** | *Lubos na tinanggap* | *Nakamit ang 91-100% na kalidad ng pamantayan* |
| ***3.50-4.49*** | *Tinanggap* | *Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan* |
| ***2.50-3.49*** | *Katamamang Tinanggap* | *Nakamit ang 60-74% na kalidad ng pamantayan* |
| ***1.50-2.49*** | *Hindi gaanong Tinanggap* | *Nakamit ang 35-39% na kalidad ng pamantayan* |

Mayroong 3.55 na *mean* at *sd* na 0.28 sa pamantayang Nilalaman. Para naman sa Kaugnayan mayroong 3.57 na mean (sd= 0.22). Sa pamantayang Hikayat ito ay mayroong *mean* na 3.58 at sd na 0.20. Sa pagkakaayos naman ay mayroong 3.66 na mean ( *sd*= 0.20). Panghuli, para sa pamantayang kahalagahan ito ay may mean na 3.68 (*sd*=0.18). Sa kabuuan, ang *mean* ay 3.61 (*sd*=0.17). Dagdag, ito ay may paglalarawan na tinanggap at Nakamit ang 75-90% na kalidad ng pamantayan.

Batay sa naging resulta, Ito ay nagpapakita na tinanggap ng mg mag-aaral ang nabuong interkultural na modyul bilang kagamitang materyal para sa pagkatuto ng panitikang rehiyunal. Dagdag, ito ay angkop para sa mga mag-aaral ang ganitong uri ng materyal na huhubog at lilinang sa kanilang kakahayan sa komprehensyon ayon sa: Literal; Interpretatibo; Kritikal; at Integratib.

Sa kabuoang ipinakitang resulta, sinuportahan ito ng ginawang pag-aaral ni Mitchell at Tyne (2021), na nagsasaad na ang interkultural na modyul ay isang makabagong pamamaraan sa pagtuturo na ang layunin ay pagyamanin ang kaalaman ng mga estudyante tungkol sa iba't ibang kultura.

**Pagkakaiba sa Antas ng Pagtanggap sa Pagitan ng Guro at Mag-aaral sa nabuong Interkultural na Modyul**

Matutunghayan sa susunod na talahanayan ang pagkakaiba sa antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral at guro sa nabuong Interkultural na Modyul.

Talahanayan 5
Pagkakaiba sa Antas ng Pagtanggap sa Pagitan ng Guro at Mag-aaral sa nabuong Interkultural na Modyul

| Pangkat | *n* | *mean* | *sd* | *t* | *p-value* | *t critical* | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Guro | 5 | 3.80 | 0.02 | 2.444 | 0.020 | 2.035 | May Makabuluhang Pagkakaiba |
| Mag-aaral | 30 | 3.61 | 0.17 | | | | |

*α=0.05 Level of Significance*

Inilahad ng Talahanayan 5 ang Pagkakaiba sa antas ng pagtanggap sa pagitan ng guro at mag-aaral sa nabuong Interkultural na Modyul. Ang kabuoang *mean* sa antas ng pagtanggap ng guro ay 3.80 at may *standard deviation* na 0.02. Samantala, ang kabuoang *mean* ng antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral ay 3.61 at *standard*


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN RESEARCHERS RUN

*deviation* na 0.17. Dagdag, nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba *ang* antas ng pagtanggap sa pagitan ng mag-aaral at mga guro sa nabuong Interkultural na Modyul sapagkat ang p-value (0.020) ay mas mababa sa *α=0.05 na Level of Significance.* Ipinapakita din na mas mataas ang *t* (2.444) kaysa sa *t critical* (2.035) kung kayat ito ay nagpapakita din na may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagtanggap.

Batay sa resulta, nangangahulugang tanggap ng mga mag-aaral at guro ang materyal na Interkultural na modyul bilang kagamitan sa pagtuturo at paghubog sa kakayahan ng mga mag-aaral lalo na sa pagpapataas ng antas ng komprehensyon. Dagdag, ito rin ay mainam na gamitin sa pagtuturo sapagkat ito ay angkla sa Matatag Kurikulum.

Napatunayan ni Meneses et al. (2022) na ang interkultural na modyul ay isang makabagong pamamaraan sa pagtuturo upang mapagyaman ang kaalaman mga estudyante tungkol sa iba't ibang kultura. Binigyang-diin ni Clinton (2020) na ang interkultural na modyul ay isang makabagong pamamaraan sa pagtuturo na naglalayong pagyamanin ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa iba't ibang kultura.

**Konklusyon**

Batay sa resulta ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo ng mananaliksik.

Ipinapakita na antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral na may pinakamababang *mean* ay ang kritikal na sinundan ng Interpretatibo kasunod nito ay ang Literal samantalang nakakuha naman ng mataas na mean ang antas Integratib.

Para sa antas ng balidasyon, may paglalarawang Lubos na balido at may paglalarawang Lubos na tinanggap ng mga Balideytor ang nabuong Interkultural na Modyul bilang kagamitang materyal sa paghubog sa kasanayan sa pagbasa ng mga Panitikang Rehiyunal.

Para naman sa antas ng pagtanggap, parehong tinanggap ng guro at mga mag-aaral ang Interkultural na Modyul bilang kagamitang materyal sa paghubog sa kasanayan sa pagbasa ng mga Panitikang Rehiyunal partikular na sa pagpapataas sa antas ng komprehensyon.

Samantalang, nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagtanggap sa pagitan ng mga mag-aaral at guro sa nabuong Interkultural na Modyul

Samakatuwid, maaaring gamitin ang nabuong Interkultural na Modyul sa pagtuturo ng Filipino lalo na sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa Komprehensyon.

Sa kabuoan, sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral ay may malaking gampanin ang guro lalo na sa paghubog sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral na aangkla sa kahingian ng bagong kurikulum.

**Rekomendasyon**

Batay sa naging resulta ng pananaliksik na ito, ang sumusunod ay mga rekomendasyon ng mananaliksik.

1. Palakasin ang kritikal na antas ng komprehensyon sa pamamagitan ng mga mapanuring gawain upang higit na mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral.
2. Gamitin ang Nabuong Interkultural na Modyul bilang kagamitang pampagtuturo sapagkat ito ay lubos na balido ayon sa bisa ng nilalaman, wika/gramatika, at layout/anyo, na may mataas na kalidad batay sa mga pamantayan.
3. Maaring gamitin ang interkultural na modyul bilang pantulong na materyal sa pagtuturo, na may patuloy na pagsasaayos upang mas lalo itong maging epektibo.
4. Maaring gamitin ang interkultural na modyul na materyal sa pagkatuto, na patuloy na lilinang sa kakayahan ng mga mag-aaral sa komprehensyon at kritikal na pag-iisip.
5. Ang paggamit ng modyul at pagtutok sa pananaw ng mag-aaral dahil may makabuluhang pagkakaiba sa pagtanggap.
6. Sa susunod na mananalik nirerekomenda na magsagawa ng pananaliksik na nasa anyong Eksperimental na ang respondente ay mga guro para sa pagtanggap at mga mag-aaral bilang mga respondente upang malaman ang kabisahan ng kagamitang pampagtuturong bubuuin.

**SANGGUNIAN**

Aquino, A.J. (2022). *Integrasyon ng Audio Digital Comics sa Pagtuturo ng mga Akdang Pampanitikan at Pagkatuto ng mga mag-aaral sa Baitang 10* [Di-nalathalang tesis]. Sultan Kudarat State University.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Balderian, A. (2024). Eksploratoring pagsusuri sa kakayahan at salik na nakaaapekto sa komprehensiyon sa pagbasa sa Filipino. *Philippine Social Science Journal, 5*(2), 45–52.

Caspe, L. J. P. (2024). Antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at ang kanilang akademikong pagganap. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 7*(2), 79–83.

Catbagan, F. C. P. (2021). Pagbuo at balidasyon ng mga bidyu aralin sa Filipino 7. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies.*

Charles, A., & Charles, B. (2019). Language as a tool for cultural transition. *International Journal of English Literature and Culture, 7*(2), 45–55. https://doi.org/10.14662/IJELC2019.220

Clinton, T. (2020). Personal na responsibilidad sa pagbabasa. *Journal of Reading Education.*

Department of Education – SOCCSKSARGEN Region. (2024). *Pamantayan sa pagtataya at pagsusuri sa kabisaan ng Alternative Delivery Mode Module.* Department of Education.

Department of Education (DepEd). (2024). *Learner Information System.* Republic of the Philippines.

Department of Education. (2024). *MATATAG Curriculum: Filipino Grades 4 at 7.*https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/MATATAG-FILIPINO-CG-Grades-4-at-7-.pdf

Garcia, M. (2021). Balidasyon at pagtanggap ng interaktibong supplemental na modyul sa pagganap ng mga mag-aaral. *EPRA International Journal of Research and Development (IJRD), 6*(7). https://doi.org/10.36713/epra7748

Kline, S. J., & Rosenberg, N. (1986). An overview of innovation. In R. Landau & N. Rosenberg (Eds.), *The positive sum strategy: Harnessing technology for economic growth* (pp. 275–305). National Academy Press.

Lim, R. (2021). Challenges in rural education: Access to educational resources. *Philippine Education Review, 15*(1), 45–67. https://doi.org/10.5678/per.v15i1.23456

Loch, A., & Pal, A. (2020). Developing intercultural communicative competence through telecollaborative modules integrated in foreign language and intercultural communication university courses. *Pertanika Journal of Social Sciences & Humanities, 28*(2).



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

McLeod, S. A., & Guy-Evans, O. (2023). Stratified random sampling: Definition, method & examples. *Simply Psychology.* https://www.simplypsychology.org/stratified-random-sampling.html

Meneses, A. (2022). An intervention ethical framework of social work practice with indigenous communities. *International Journal of Social Work Values and Ethics, 19*(2), 78–100. https://doi.org/10.55521/10-019-207

Mitchell, R., & Tyne, H. (Eds.). (2021). *Language, mobility and study abroad in the contemporary European context*(1st ed.). Routledge. https://doi.org/10.4324/9781003087953

Ng, C., & Bartlett, B. (2021). Paglinang ng kakayahan sa pagbasa. *Educational Review.*

Olifant, T., Cekiso, M., Boakye, N., & Madikiza, N. (2020). Investigating reading comprehension strategies used by teachers during English first additional language reading instruction. *Journal for Language Teaching, 54*, 71–93. https://doi.org/10.4314/jlt.v54i2.4

Organisation for Economic Co-operation and Development (OECD). (2015). *Frascati manual 2015: Guidelines for collecting and reporting data on research and experimental development.* OECD Publishing. https://doi.org/10.1787/9789264239012-en

Palma, J. U., & Tubo, T. T. (2020). Komprehensyon sa mga piling akdang panitikan at akademik perpormans ng mga mag-aaral sa Filipino 7 ng Mahayag National High School, San Miguel, Bohol. *Journal of Educational Research, 15*(1), 1–10.

Renono, C. P. C. (2022). Interkultural. *De La Salle University – Dasmariñas.*https://www.studocu.com/ph/document/de-la-salle-university-dasmarinas/diskurso-sa-filipino/interkultural/109327387

Sambolawan, B. S. (2012). *Tradisyunal na pamamaraan ng pagresolba ng rido ng Maguindanaon: Batayan sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo* [Di-nalathalang tesis]. Sultan Kudarat State University.

Trott, P. (2017). *Innovation management and new product development* (6th ed.).

UNESCO. (2019). *Education for sustainable development.* United Nations Educational, Scientific and Cultural

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Organization. https://www.unesco.org/education-sd

Williams, H. T., Patel, M., & Garcia, L. R. (2020). *Advanced sampling methods.* Cambridge University Press.

Yousoff, M.S.B. (2019). ABC of content validation and content validity index calculation. *Education in Medicine Journal, 11*(2), 49–54. https://doi.org/10.21315/eimj2019.11.2.6